# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 28, 2022, LUNES, IKA-9:58 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 03/21/22
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RECEIVED
21 MAR 2022

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad – nasa lakad opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 229-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 20-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 7-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN LIMAMPUNG LIBO SIYAMNARAAN LIMAMPU'T LIMANG PISO AT DALAWAMPU'T LIMANG SENTIMOS (P350,955.25) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2022 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 20-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 7-T2021 ng Barangay Santo Angel Central ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P350,955.25 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang Taong 2022 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P245,668.68) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P105,286.57) ng Barangay Santo Angel Central, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon, (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 20-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 7-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P350,955.25 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang Taong 2022 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Santo Angel Central, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 28, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
3/9/22